# Sa Pagitan ng BANAL AT KARNAL

G-Spot
Ang Tagabinyag
Red Sea
Sakramento
Misa ni Minokawa
Sakramento ng mga Patay
Prognosis sa Sinapian
Eksorsismo
Kumpil
Ritwal ng Huling Paghilom

# *G-Spot*

*Ang aking lunggati'y sa hita gumapang,*
*Tinumbok ang tambok ng tagô mong tapang.*
*Ngunit nang maarok ng pusok ang pakay,*
*Doon nagtunggali ang banal at halay.*

# Ang Tagabinyag

Bago ka lumusong sa ilog ng mga patay
Kailangan mong hubarin ang iyong pangalan

At isuko ito sa kanya—sa tagabinyag na walang suot
Kundi ang pangalan niyang hiniram.

Pagsambit niya sa mga pantig ng iyong pag-iral,
Hindi mo na siya kayang ariin tulad ng pag-aari niya sa 'yo

Sapagkat hindi niya aaminin
Ang tunay niyang pangalan.

Lalanggasin niya sa kanyang laway at luha
Ang lahat ng kasalanang pipitasin mo pa lamang

Na nakatanim sa hardin ng kanyang balat,
sa matabang lupa ng kanyang kahubdan.

Hihigupin niyang palabas ang dila mong nautal
Upang maisambit mo ang mga pangalang

Ibubulong niya sa iyo—ang ngalan ng lahat
Ng pipitasin at aangkinin mong kasalanan,

Tulad ng pag-angkin ni Adan sa lahat ng nilalang
Nang kanya itong pangalanan at binyagan.

Bago ka lumusong sa ilalim, mayroon siyang habilin:
"Huwag na huwag mo akong mamahalin."

## Red Sea

Pulang dagat ang labi mong nananabik,
Naghihintay na hiwain ng himala.
Ang tatawid na propeta'y aking halik.

Damdamin ko ay aliping naghimagsik,
Paglaya ko, ang ngiti mo'y nagsimula.
Pulang dagat ang labi mong nananabik.

Nagpupuyos, ang alon mo'y biglang tarik,
Pagdating ko sa aplaya'y tumingala:
"Ang tatawid na propeta'y aking halik."

Nanalangin sa harapan ng 'yong bagsik,
Ang tapang ko'y bigla na lang natulala.
Pulang dagat ang labi mong nananabik.

Pananalig ko'y marahan nang bumalik,
Ang takot ko'y unti-unti nang namutla.
Ang tatawid na propeta'y aking halik.

Pinatahan ng 'yong tubig ang paghibik
Sa Ehipto, pagtangis ko ay nawala.
Pulang dagat ang labi mong nananabik,
Ang tatawid na propeta'y aking halik.

# Sakramento

Kasabay ng payapa mong paghinga, labas-masok ang iyong
Kaluluwa sa mga siwang ng magkalingkis nating mga katawan.
Dahil dito, sagradong altar ang iyong kama, at ako
Ang magnanakaw ng búhay na walang hanggan.

Itinuro mo sa akin na ang ganitong paghinga ay pag-usal
Ng dasal. At ang aking paghingal ay bahagi ng sakramento
Ng basal at banal na landian ng ating mga kaluluwa.
Bago ako mapatirán ng hininga, ibinulong mo sa aking

Bibig ang orasyon, sa isang wikang nauunawaan lámang
Ng balát, bilang hudyat ng simula ng munti nating pag-aalay.
Alíng pananampalataya ba ang pinatatatag nitong ritwal
Na sa dilim natin kung ipagdiwang? Ang sagot, sabi mo,

Ay matatagpuan sa pagyanig ng altar, at sa pangangatal
Ng pananalig natin sa isa't isa, na sapat ang sakramentong ito
Para sa ating kaligtasan. Tinuruan mo akong huminga
Nang tama, sapagkat nakalimutan ko na kung paano

Ang tamang paghinga. At kapag nahanap na ng hininga
Ang tamang ritmo at kumpas, hubad na lalantad
Ang aking kaluluwa't mag-aabang sa paglabas-pasok
Mo sa pagitan ng ating mga balat. Saka pa lámang kita

Matututuhang hawakan. Sa sakramentong ito tayo kapwa
Kumakapit bilang panlabas na tanda na mayroong panloob
Na bukal ng pagnanasang sumanib tayo sa isa't isa.
Tayo ang mga ministro. Tayo rin ang tatanggap.

Sa paglunok ko ng dalangin mong inilatag mo sa aking dila,
Kakawala ang aking kaluluwa, kasabay ng pagkapatíd
Ng aking hininga. Mahuhúli mo ito ng iyong palad, palipad
Sa kalangitan, tangay-tangay ang buhay na walang hanggan.

# Misa ni Minokawa

Kilig ng sakristan mong kuliglig ang kuliling
Ng kampanilyang nagyayayang ang misa’y magsimula.
May prusisyon ng hamog na maglalatag ng dilim

Sa pasilyong patungo sa altar mong basâ.
Nasaan na ang mga nananalig sa iyong relihiyon?
Ang mga tagasunod mo’y bigla na lang nawala.

Sapagkat pinayanig ko ang kanilang mga puson
Nang iladlad ko ang lawak ng aking mga pakpak,
Wala nang pipila para mangomunyon.

Ako na lamang ang nalalabing parokyanong tapat
Na naghihintay sa iaalay mong ostiyang buwan
Na suso mong namimintog, hubad at ganap.

Pagano akong tinuruang magdasal
Ng iyong kahubdang itinanghal sa langit.
At sa rurok ng matalinghaga mong ritwal

Namawis ang nagliliyab kong singit.
Ang sabi mo: “Ito ang aking katawan,
Na inihahandog ko sa iyong panaginip.”

Buong-buo, isusubo ko ang aking kaligtasan,
Hanggang sa ang lahat ay lamunin ng kadiliman.

## Sakramento ng mga Patay

Pinaslang tayo ng ating lunggating
Hindi para sa isa’t isa.
Ngayo’y kapwa tayo naghahanap
Ng bukal na muling bubuhay
Sa ating mga kaluluwa.
Tinawag mo akong basahin
Ang ebanghelyong nakaukit
Sa iyong balat sapagkat
Hindi mo madalumat
Ang hiwaga ng bawat pilat.
Taimtim itong sinalat ng aking mata,
At binasa,
Una, ng aking mga daliring utal,
Sumunod, ng aking mga lábing sanay
Sumambit ng mga sutra
Mula sa ibang pananampalataya.
Nagimbal tayong matuklasan
Ang nilalaman ng ebanghelyo ng balat
Mo: ang bukal ng muling pagkabuhay
Ay nasa pagkumpisal natin
Ng pangalan ng isa’t isa.

Ngunit paano ito malalaman ng labi mo
Kung hindi ito isasalin ng dila ko?
Paano ito ikukumpisal ng dila ko
Kung ang kasalanan ko’y nariyan  pa sa lábi mo?

Tahimik
Mo akong niyayang
Magkasala’t muling mamatay,

Makipagpalitan ng hininga
Habang nagsasalin
Ng mga pangalan sa isa’t isa.

At sa pagitan natin ay bumulwak
Ang naglalawang bukal
Ng kapatawaran,
Ng muling pagkabuhay,
At ng buhay na walang hanggan.

# Prognosis sa Sinapian

Palad siyang marahang kumukuyom
Mula sa ibabaw ng sikmura, sa ilalim
Ng puso, pinipiga palabas ang lahat

Ng buntong-hininga hanggang sa ang matira
Ay ang lamig sa loob ng dibdib kayâ
Ko inakalang wala na akong laman.

Niyayapos niya ang tibok ng mga damdamin
Kong tinipid para sa mga alaala
Nating ayaw ko pang ilibing.

Sinasakal niya ang mga latak
Ng pag-ibig ko; ipinapaalala ng sikip
ng paghinga ko na ang puso ko'y nariyan

Pa ngunit kanya nang pag-aari:
Sinukuba't sinaniban. Supling siya
Ng hindi sinukliang pag-ibig at umapaw

Na lunggati—isang demonyong ako rin
Ang nag-alaga't nagpalaki. Sinilip ng pari
Ang kaluluwa ko. Nakita niya'y labì

Mong may kahalíkang iba. Kailangan daw
Kitang kalimutan. Ritwal ng eksorsismo
Ang tangi kong kaligtasan.

# Eksorsismo

Kung paanong isang seremonya
Ang pagtahan niya sa aking katawan,
Ritwal din ang kailangan sa pagpapalayas.

Kung paanong mag-isa ko siyang pinapasok
Sa dibdib kong matagal nang ikinandado,
Hindi ko siya kayang mag-isang palabasin.

Ang sabi mo, kailangan ng marahas na eksorsismo,
Kailangan ang dalangin ng lahat ng santo,
Kailangan ang basbas ng agua benditang luha

Ng mga putang pinetisyong gawing santa
Ng mga debotong tulad ko. At sabi mo,
Higit na kailangan sa matagumpay na eksorsismo

Ang payapang kaluluwa, wala at puno ng ligalig—
Kayâ mo ito hahapulusin ng palad mong sanay
Pumawi ng pagkamuhi sa sarili.

Ang kamay mo'y ministrong bihasang magpalayas
Sa lamig ng pag-iisa. Ang mga daliri mo'y aral
Sa sakramental ng pakikipagtunggali

Sa singhal ng nagsasalsal na kaluluwa.
Tatawagin mo akong mangumpisal
Sa iyong pusod at mangomunyon sa iyong puson

Habang 'binubulong mo sa akin: "Ako ang katotohanan,
Ako ang daan, ako ang buhay na walang hanggan,

Ako ang iyong kaligtasan." Saka mo ipapasok

Sa ibabaw ng sikmura, sa ilalim ng puso ko
Ang nag-aapoy mong palad upang dukutin siya—
Ang demonyong pumaslang sa aking pananampalataya.

Pagkatapos ng ritwal, ako'y tulala,
Dudukot ng pang-abuloy sa bulsa.
Bukas ulit, para tiyak na demonyo'y hindi na bumalik.

# Kumpil

Ibinalik ng palad mo ang nawawalang hiya
Sa namutla kong pisngi
Nang dinatnan mo akong may ibang katabi.
Tumagos ang yanig ng sampal mo
Sa kaluluwa kong naghahanap ng may-ari.

Hindi mo ba alam na ang gálit ng palad
Mo ang nagkumpil sa aking pananalig
Na ako'y sa iyo at iyo lamang?
Ang luha ng pasmado mong kamay ang santo
Oleong nagmamarka ng konsekrasyon
Ko sa iyong pag-iral.

Hindi mo pinaniwalaan ang kahit anong
Sambitin kong litanya o salmo.
Wala akong magawa kundi ialay
Ang kabilang pisngi tulad ng turo ng Maestro,
At doon mo pinadapo ang Espiritu
Santo ng nagliliyab mong poot at pag-ibig.

# Ritwal Ng Huling Paghilom

: Huwag mong kalimutang ikaw rin ay katawan
Sa mga sandaling abalá kang maghanap
Ng lunas sa sugat ng iyong kaluluwa.

Halika, paihip sa napuwing mong mata,
Buntong-hininga ko'y nakahihilamos
Ng mga munting dilim sa iyong talukap.

Idantay ang ilong sa aking balikat,
Alingasaw ko'y bangong banayad
Na magbubukas sa lagusan ng mga alaalang

Magpapatahan sa iyong pangangatal.
Bubulong ako sa iyo ng oyayi.
Ihehele kita pabalik sa iyong katawan

Upang maramdaman ng iyong kaibuturan
Ang haplos ng nanghihilom kong ritwal.
Ipapahid ko sa bawat sugat sa iyong balat

Ang balsamong taglay ng aking halik.
At sa huli, paluwasin mo ang iyong bibig
Sa impiyerno ng aking mga lihim

Sapagkat naroon ang bukal na hindi nauubos,
Upang patirin ang uhaw mong hindi natatapos,
Upang makabangon kang isang inmortal :